

Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____
20

Mga sagot sa Pagpili ng tamang pangngalan

Talâ: pangngalan - *noun*

Panuto: Piliin sa kahon ang pangngalan na bubuo sa pangungusap.

apo	prinsesa	magulang	pulo	mag-aaral
bunso	lolo	doktor	kaibigan	pinsan
asawa	probinsiyana	labandera	senadora	lola
guro	pamangkin	ate	tita	kusinero

1. Ang pangalan ng aking ama ay Jose at ang pangalan ng aking ina ay Maria. Sina Jose at Maria ang aking mga magulang.
2. Tatlo kaming magkakapatid. Si Julia ang pinakamatanda sa amin. Siya ang aking ate.
3. Si Justine ang pinakabata sa aming magkakapatid. Si Justine ang bunso ng aming pamilya.
4. Magkapatid sina Tatay at Tito Ramon. Si Raffy ang anak ni Tito Ramon. Si Raffy ang aking pinsan.
5. Ang babae na may mahabang buhok ay asawa ni Tito Ramon. Siya ang aking tita.
6. Si Tricia ay anak ng aking kapatid na si Eric. Si Tricia ay pamangkin ko.
7. Si Leo ang anak ng aking anak na si Laura. Si Leo ay aking apo.
8. Si Ginoong Teodoro ang ama ng nanay ko. Si Ginoong Teodoro ang lolo ko.
9. Ang babae sa lumang larawan na iyan ay asawa ng lolo ko. Siya ang aking lola.

10. Kinasal kami ni Barbara noong Linggo. Si Barbara ang asawa ko.
11. Si Binibining Rita Gonzalez ang nagtuturo sa amin ng Filipino at *Math*. Siya ang aming guro.
12. Kapag matagal na akong may lagnat o ubo, dinadala ako ni Inay sa klinika ng aming doktor.
13. Si Loren Legarda ay miyembro ng Senado. Siya ay isang senadora.
14. Ang Pilipinas ay binubuo ng napakaraming pulo. Mahigit pitong libo ang bilang ng mga ito.
15. Matagal na kaming magkakilala ni Carla. Lagi kaming magkasama sa paaralan. Si Carla ang pinakamatalik kong kaibigan.
16. Nag-aaral ako sa Paaralan ng Santo Tomas. Ako sy isang mag-aaral doon.
17. Si Aling Nena ay dumarating tuwing Sabado para labhan ang aming mga damit. Siya ang aming labandera.
18. Si Manong Romy ay isa sa mga tagaluto sa malaking kainan na iyon. Siya ay isang kusinero doon.
19. Lumaki si Amelia sa probinsiya ng Catanduanes. Ngayon lang siya nakapunta sa lungsod. Si Amelia ay isang probinsiyana.
20. Si Czarina ay anak ng isang reyna. Si Czarina ay isang prinsesa.